

KIAN

KAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS

KUMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

Eksibisyon ng mga Bulaklak sa Kawasaki

(かわさき花ごよみ展)

331



Sa Lunsod ng Kawasaki, napakaraming sikat na lugar kung saan matutunghayan at malilibang sa masaganang kagandahan ng mga bulaklak. Ang Eksibisyon ng mga bulaklak sa Kawasaki ay binubuo ng mga larawang kuha ng mga Litratistang mamamayan sa loob ng mahabang taong nagdaan na nagsimula sa mga kuhang larawan ng Sakura (cherry blossoms), Ipakikilala ang ang mga lugar ng luntian at mga bulaklak alinsunod sa panahon sa pamamagitan ng Larawan.



Ang Eksibisyong ito gaganapin sa Shimin Museum mula ika-30 ng Enero hanggang ika-3 ng Pebrero at mula ika-19 ng Pebrero hanggang ika-24 ng Pebrero ay sa Art Garden Kawasaki sa Distrito ng Kawasaki.

Ang Shimin Museum ay mararating sa pamamagitan ng pagsakay ng bus mula Musashi Kosugi (10 minuto) at bumaba sa Shimin Museum Mae.

Ang Art Garden Kawasaki ay 2 minuto mula JR Kawasaki Higashi guchi. Walang bayad ang entrans alinman sa dalawang lugar. Sa detalye, tumawag sa K-Press 03-3430-6617.

Suporta sa Hometown Sports

ホームタウンスポーツの応援

332

Inaanyayahan ang lahat na suportahan at tangkilikin ang mga laban ng V league Volleyball pang babae na kung saan tatanghalin ang laban ng Kawasaki Hometown Sports Development Partner na NEC Red Rockets. Kasali din sa laro ang mga representatibong manlalaro ng bansang hapon sa [Red Rockets] at ang araw ng labanan ay sa ika-16 (Sabado), ika-17 (Linggo) dalawang araw na gaganapin sa Todoroki Arena ng Distrito ng Nakahara.



Ang makakalabang grupo sa ika-16 araw ay Okayama Seagulls, at sa ika-17 ay Takefuji Bamboo. Ipaabot ang mainit na pagsuporta sa NEC Red Rockets! Mabibili ang tiket sa Ticket PIA sa kasalukuyan. Tumawag sa Kawasaki Inkai Sports Section 044-200-3245.

Eksibisyon sa Shimin Museum

市民ミュージアム企画展

333

Mula ika-16 ng Pebrero (Sabado), uumpisahan ang Eksibisyon ng [Shojo Manga Power! Tsuyoku・Yasashiku・Utsukushiku] sa Shimin Museum.

Matatagpuan ang kagandahan at malaking impluwensya sa larangan ng komiks pambata ng Hapon ng mga sumusunod na manunulat na sina: Osamu Tezuka, Riyoko Ikeda, Clamp at ibapang likha ng may 23 kataong manunulat. May mga 100 piraso ng mga orihinal na drowing na mapapanood sa Eksibisyon.

Upang mapanood ito, may 800yen bayad para sa pangkaraniwang mamamayan, 500yen sa mga senior hayksul, kolehiyo at 65 taong gulang pataas. Sa mga junior hayksul at elementarya ay walang bayad. Bumaba sa [Shimin Museum Mae] pagkatapos sumakay ng bus mula Musashi kosugi ng may 10 minutos ang biyahe.

Ang mga impormasyon ay nasa Kawasaki Shimin Museum:044-754-4500.



PAUNAWA


ハローワーク川崎移転の案内

Ang "Hello Work Kawasaki" ay lilipat sa bagong lokasyon mula ika-26 ng Nobyembre

Lugar: Kawasaki-ku Minami-cho 17-2

Telepono:044-244-8609 Fax:044-233-4343

Mapa papunta sa bagong Hello Work Kawasaki:




Pagbabago sa pamamaraan ng Imigrasyon

新しい入国検査手続き

Mag-uumpisa na sa ika-20 ng Nobyembre ang bagong patakaran upang makapasok sa bansang Hapon. Ang lahat ng dayuhang nagnanais pumasok sa bansa ay obligadong magbigay ng tatak ng daliri (finger print) at larawan ng mukha sa Opisyal ng Imigrasyon bago ito bigyan ng pahintulot makapasok sa bansa. Ang sinumang tatangi sa obligasyong ito ay hindi pahihintulutang pumasok sa bansa.

Gayunpaman libreng pumasok ang mga Extraordinary permanent residents, 16 taong gulang pababa, Diplomats, Opisyaes, mga imbitado ng Gobyerno at mga nasa katungkulan ayon sa kinikilala at sakop ng batas.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa: Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



Silid—Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~16:00 ng hapon

Libreng konsultasyong pang-legal!

Iskedyul sa **Kawasaki International Center** tuwing ikatlong Linggo ng bawat buwan.

Ika-20 ng Enero,

Ika-20 ng Abril

Ika-17 ng Pebrero,

Ika-18 ng Mayo

Ika-16 ng Marso

Ika-15 ng Hunyo

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

〒211-0033 Kawasaki International Center

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/